DENR Mimaropa Region <mimaroparegion@denr.gov.ph>

# Fwd: PIA SITREPS RECAP 17 December 2021

1 message

**Lyndon Danthon Plantilla** <lyndon.plantilla@pia.gov.ph> Fri, Dec 17, 2021 at 1:57 PM

To: solcom.coc@gmail.com, ocwc02@gmail.com, ou7wescomafppalawan@gmail.com, u4@wescom.mil.ph, austriajessierose@gmail.com, deltaoscar99@gmail.com, Toc Dtoc <htwoidtoc@yahoo.com>, Dpao Jungle <dpao2id@gmail.com>, bfarrecords2020@gmail.com, BFP IV-B <bfp_mimaropa@yahoo.com>, rivbbjmpro@gmail.com, prmd_bjmp4b@yahoo.com, BLGF Region IV B <mimaropablgf@gmail.com>, delrosariocp@bsp.gov.ph, mcondes@bsp.gov.ph, osec@climate.gov.ph, emmanuel.m.deguzman@gmail.com, RD MIMAROPA <dotrdmimaropa@gmail.com>, beth Morillo <ored4b@yahoo.com>, rd.04b@dar.gov.ph, macells@dbm.gov.ph, RD Mimaropa <red_r4b@yahoo.com.ph>, Mimaropa Region <mimaroparegion@denr.gov.ph>, ondet_ferrer@yahoo.com, DEPED IV-B <depedmimaropa@yahoo.com>, puerto.princesa@oca.dfa.gov.ph, foo.luzoncluster3@dict.gov.ph, Luzon Cluster 3 <luzoncluster3@dict.gov.ph>, Cheryl Ortega <cheryl.ortega@dict.gov.ph>, wmsuyko@dilg.gov.ph, msinocruz@doe.gov.ph, eppb.od@doe.gov.ph, DOJ orp04 <orp04@doj.gov.ph>, obsumshc@yahoo.com, NIMU DOST-MIMAROPA <nimu@mimaropa.dost.gov.ph>, bautistamariegrace@yahoo.com, rene_gabr@yahoo.com, orlina.marichu@dpwh.gov.ph, MRO4 Office <mro4@marina.gov.ph>, info@ncca.gov.ph, oc <oc@ncca.gov.ph>

LYNDON PLANTILLA
Information Officer III
Philippine Information Agency - Mimaropa

---------- Forwarded message ---------
From: **Lyndon Danthon Plantilla** <lyndon.plantilla@pia.gov.ph>
Date: Fri, Dec 17, 2021 at 1:54 PM
Subject: PIA SITREPS RECAP 17 December 2021
To: The Palawan Times <times.ph@gmail.com>, PalawaNEWS Weekly <palawanews@gmail.com>, <info@palawandailynews.com>, <redsolseyer@yahoo.com>, <Palawanstar@gmail.com>, <alphanewsphilippines@gmail.com>, DWMR PALAWAN <pbs.palawan@gmail.com>, <dzip_864@yahoo.com>, <rgmapalawan@yahoo.com>, <uylilymae31@yahoo.com.ph>, <mrreybet@yahoo.com>, <Kalaw82473@gmail.com>, <reybetita58@gmail.com>, <rmnpalawanradio.rolin@gmail.com>, <brigadafmpalawan@gmail.com>, <banderafmpalawan@gmail.com>, Ruth Rodriguez <ruthrodriguez888@gmail.com>, <brentt2005@yahoo.com>, Keith Anthony Fabro <keithanthony.fabro@gmail.com>, Catherine Santos <arsleepyhead@gmail.com>, Dempto Anda <dempto@gmail.com>, <radyotandikan@yahoo.com>, <loveradiopalawan@gmail.com>, <90.3smilefm@gmail.com>, <tribunihorton1925@gmail.com>, <eeranes00@yahoo.com>, <lylegepe.fformilleza@gmail.com>, Rodne Galicha <pangkalahatan@gmail.com>, <rnloocromblon1045@gmail.com>, <renandpastor.rp@gmail.com>, <valenciacj27@gmail.com>, <romblon_sun@yahoo.com>, <josematangat@gmail.com>, <ramb1188@gmail.com>, leoncia algire <leonie.algire0912@gmail.com>, <roselee.petite@gmail.com>

PIA SITREPS RECAP 17 December 2021

PIA PALAWAN: Pabatid mula sa Palawan Electric Cooperative (PALECO(sad) Total Blackout Update/Petsa: December 17, 2021.
Oras na nawalan: 10:13AM

Apektadong lugar: Puerto Princesa at Roxas

Initial na dahilan ay nagkaroon ng line fault ang 69kv transmission line mula Aborlan hanggang National Power Corporation sa Bgy. Irawan at Delta P.

11:10AM naman ay nawalan ng power ang Narra, Brooke's Point at Sofronio Española na nag-island mode mula 10:13AM.
Hindi pa masabi ng PALECO kung anong oras maibabalik ang daloy ng kuryente dahil may mga natumba na ring poste ng kuryente dito sa lungsod. (OCJ)

PIA PALAWAN: Nalubog ang ilang mga bangkang pangisda na nakahimpil sa baywalk area ng Puerto Princesa City. Ito ay matapos na hampasin ng mga malalaking alon dulot ng bagyong Odette.(MCE)

PIA PALAWAN: Nasa 277 pamilya o katumbas ng 838 ang inilikas sa mga evacuation center dahil sa bagyong Odette sa Puerto Princesa City as of 10AM ngayong araw. Batay sa inilabas na talaan ng City

Information Department ang mga inilikas sa Barangay STA. LOURDES ay 5 families/22 individuals, sa barangay, sa BAGONG SILANG ay 5 fams/ 20 individual habang sa BÀGONG SIKAT ay 181 fams/458 individual, 76 Families/304 individual sa bgy Bancao-Bancao at 10 families/34 individual sa bgy Cabayugan. Nagpapatuloy naman ang rescue operation sa barangay Langogan.(MCE)

PIA PALAWAN: Nabagsakan ng natumbang puno ang isang Biyahero na papunta sa southern Palawan lulan ng Ford Ranger, sa national highway malapit sa PDRRMO Headquarters sa Brgy. Irawan Puerto Princesa City ngayong umaga. Agad namang nasakluluhan ng mga rescuers ang biktima na inaaalam pa ang pagkakakilanlan.(MCE)

PIA PALAWAN: Sa inilabas na media release ng PDRRMO-Palawan ngayong 10:56AM, may 2,119 pamilya na nailikas sa mga evacuation center simula pa kahapon ng tanghali, may kabuuhan itong 7,575 indibiduwal. Ang mga ito ay mula sa Araceli-136; Balabac-607; Cagayancillo-20; Coron-445; Culion-35; Cuyo-434; Magsaysay-295; Roxas-43; Quezon-45; Taytay-54 at El Nido-5. Nagkaroon naman ng power interruption sa mga bayan ng Araceli, Cagayancillo, Cuyo, Dumaran, Magsaysay maging sa Lungsod ng Puerto Princesa. Apektado naman ang komunikasyon sa bayan ng Cagayancillo. (OCJ)

PIA MIMAROPA: Habang lumalapit ang Bagyong Odette sa mga lalawigang naitayang dadaanan nito, naalis sa listahan ng MGB Mimaropa ang mga Barangay na maaring maapektuhan. Sa huling Rainfall Accumulation Forecast nito mula Ika-2 ng hapon ng December 16 hanggang Ika 2 ng umaga ng December 17, ang mga barangay na maaring bahain at pangyarihan ng landslide sa Mimaropa ay 289. Pinakamarami pari sa Palawan-232, Oriental Mindoro 52 at 5 sa Occidental Mindoro. (LP)

PIA PALAWAN: Walang nang pasok sa lahat ng tanggapan ng pamahalaan sa Puerto Proncesa City. Ito ang inanunsyo ng City Government ngayong umaga dahil nakataas ang Signal No.3 sa siyudad dulot ng bagyong Odette.Kasalukuyang nakakaranas ng malakas na ulan at hangin ang lungsod.(MCE)

PIA PALAWAN: Suspendido ang pasok sa mga pampublikong opisina at pribadong establisyemento sa mga munisipyo sa bahaging Norte ng Palawan simula sa araw ng Biyernes, Disyembre 17, hanggang sa Linggo, Disyembre 19, bilang paghahanda sa pagpasok ng Bagyong Odette sa lalawigan. Batay ito sa inilabas na Executive Order No. 087, Series of 2021 ng Pamahalaang Panlalawigan ng Palawan kahapon. Kabilang sa kautusan ang suspensyon sa klase ng mga mag-aaral sa lahat ng antas maging ito man ay limited face to face o online classes. Ipinag-uutos rin ang mandatory at/o forced evacuations sa mga lugar na may panganib ng baha o pagguho ng lupa. Sa Bulletin #16 ng PAGASA, signal #3 ang northern portion ng Palawan (El Nido, Taytay, Araceli, Dumaran, Rocas, San Vicente), Puerto Princesa City at ang mga isla ng Cuyo at Cagayancillo; at signal #2 sa central portion ng Palawan ( Narra, Española, Quezon, Aborlan, Rizal, Brookes Point); at signal #1 sa naiiwan pang lugar sa Palawan kabilang ang mga isla sa Calamian at Kalayaan. (OCJ)

PIA ORIENTAL MINDORO: Nasa 84 na rolling cargos ang nai-stranded sa kahabaan ng Nautical Hi-way sa Calapan City dahil sa kanseladong biyahe ng mga barko palabas at paparating ng Oriental Mindoro dahil sa nakataas na typhoon signal bunsod ng bagyong si Odette. Dahil sa bantang dulot ng bagyong Odette, suspendido ngayong araw, December 17, 2021 ang pasok sa lahat ng pampubliko at pribadong institusyon maliban na lamang sa mga partikular na tanggapang nakasaad sa atas ng Ehekutibo Blg. 59 na ipinalabas ni Gov. Bonz Dolor. Hinihikayat na ipagpaliban muna ang lahat ng mga Chistmas Party o mga pagtitipon na maaaring magdala ng peligro sa mga dadalo rito. Nasa ilalim ng Tropical Cyclone Warning Signal #2 ang buong lalawigan ng Oriental Mindoro. (LTC)

PIA OCCIDENTAL MINDORO: Bilang bahagi ng pagtiyak sa kaligtasan ng publiko sa buong probinsya kaugnay ng Bagyong Odette, naglabas kahapon ng Executive Order (EO) 26 si Governor Ed Gadiano. Nakasaad sa EO 26 ang pagsususpinde ngayong Biyernes, ika-17 ng Disyembre, ng klase sa lahat ng antas, pribado at pampublikong paaralan, gayundin ng pasok sa local, national at private offices. Magpapatuloy naman ang paghahatid ng serbisyo ng mga tanggapang may kinalaman sa basic at health services at ang disaster preparedness and response. (VND)

PIA PALAWAN: Pansamantalang kinansela ng Puerto Princesa City Covac ang nakatakdang pagbabakuna ngayong araw hanggang sa araw ng linggo ito ay upang maging ligtas ang lahat sa bagyong Odette. Ipinababatid ito ng City Information Department ng Pamahalaang Panglungsod ng Puerto Princesa. Magbabalik ang pagbabakuna kontra COVID-19 sa Lunes, Disyembre 20. (OCJ)

PIA PALAWAN: Sa inilabas na media release ng PDRRMO-Palawan ngayong 6:00AM, may 1,129 pamilya na nailikas sa mga evacuation center simula pa kahapon ng tanghali. Ang mga ito ay mula sa Araceli-111; Cagayancillo-20; Coron-151; Culion-35; Cuyo-434; Magsaysay-295; Roxas-43; Quezon-30 (partial); at Taytay-10. Nagkaroon naman ng power interruption sa mga bayan ng Araceli, Cagayancillo, Cuyo, Dumaran at Magsaysay. Apektado naman ang komunikasyon sa bayan ng Cagayancillo. (OCJ)

PIA MIMAROPA: Umabot sa 4,945 na katao mula sa 41 barangay sa Oriental Mindoro, Marinduque, Romblon at Palawan ang lumikas para umiwas sa Bagyong Odette. Pinakamarami sa Palawan sa bilang 3,539; sa Cuyo 1,574 at sa Magsaysay 1,012. Marami din ang lumikas sa Bulalacao, Oriental Mindoro sa bilang na 1,070. Karamihan ng mga nagsilikas ay tumuloy sa mga evacuation centers samantalang ang iba ay sa mga kamag-anak. (LP)

PIA MIMAROPA: Iniulat ng DSWD Mimaropa sa kanilang DROMIC ngayong umaga na may nai-stranded na pasahero sa kabila ng mga maagang anunsyo ng mga Tropical Cyclone Wind Signals (TCWS) sa Mimaropa. Dalawang daan at dalawampu (220) pasahero ang nasa Calapan Port. Nakahimpil din doon ang may 78 na rolling cargoes at isang pribadong sasakyan. Sa Roxas Port, 778 ang stranded passengers, 352 rolling cargoes at 12 sasakyan ang naroroon. Ang Bulalacao Port naman ay may 11 pasahero, 82 na trak at 15 pribadong sasakyan. Nasa ilalim ng TCWS No. 2 ang mga bayan ng Roxas at Bulalacao samantala nasa TCWS no. 1 ang Calapan City. Ibig sabihin walang byahe sa barko at bawal pumalaot ang mga maliliit na bangka at mga pangisda. (LP)

PIA MIMAROPA: Nakaranas ng ambon hanggang sa mahinang pag-ulan kagabi ang mga bayan ng Boac, Gasan at Torrijos sa Marinduque at Abra de Ilog, Occidental Mindoro. Sa mga nakaraang PDRA meeting, sinabi ni Weather Specialist Sonny Pajarilla ng DOST Pagasa na maaring dulot ng amihan ang mga mahinang pag-ulan. Ang amihan din ang nakikitang dahilan ni Pajarila kaya lumakas ang hangin at tumaas ang mga alon sa Sulu Sea sa dakong katubigan nakapalibot sa mga isla ng Cuyo, Agutaya at Magsaysay at sa baybayin ng dulong katimugang Mindoro Provinces. Inaasahan ni Pajarillo na magkakaapekto rin ang pagdaloy ng amihan sa pagdaan ng Bagyong Odette sa rehiyon. (LP)

PIA MIMAROPA: Nagpaalala si OCD Mimaropa ARD Nieves Bonifacio sa mga local Disaster Risk Reduction and Management Offices sa mga lalawigan na bantayan ang mga ilog at mga kumunidad sa dalampasigan. Dahil tatawid sa Sulu Sea ang bagyo, Inaasahan ni ARD Bonifacio na lalakas Si Odette. Kaya ang oayo ni ARD Bonifacio, agahan ang pagpapalikas sa mga lugar na maaring bahain. Ayon Naman kay Jerry Alili Yap ng PDRRMO Palawan na may paglikas na nangyari sa Mangsee Island. Sariwa pa sa alaala ng mga residente ang pinsalang idinulot sa kanila ng Bagyong Vinta noong 2017 na buwan ng Disyembre nangyari. Ang MDRRMO ng Cajidiocan, Romblon ay naghanda ng kanilang mga chainsaw pamutol ng mga mabubuwal na mga bagay. (LP)

PIA MIMAROPA: Hiniling ni RDRRMC Mimaropa Chairperson Ruben Carandang sa mga lokal na pamahalaan na iulat agad ang mga vaccination site na maaaring mapinsala sa pagdaan ng Bagyong Odette sa rehiyon. Ang Mimaropa ay nakatakdang magsagawa ng ikalawang National Covid 19 Vaccination Days sa susunod na linggo, mula 20-22 ng Disyembre. (LP)

LYNDON PLANTILLA
Information Officer III
Philippine Information Agency - Mimaropa

---

The information contained in this communication is intended solely for the use of the individual or entity to whom it is addressed and other parties authorized to receive it. It may contain confidential or legally privileged communication. If you are not the intended recipient, you are hereby notified that any disclosure, copying, distribution or taking any action in reliance on the contents of this information is strictly prohibited and may be unlawful. If you have received this communication in error, please notify us immediately by responding to this e-mail and then immediately delete it from your system. Opinions contained in this e-mail or any of its attachments do not necessarily reflect the opinions of the Agency.